
# Tuberkulosis

## Ang dapat mong malaman

Tacoma-Pierce County
Health Department
*Healthy People in Healthy Communities*

### Ang tuberculosis (TB) ay isang impeksyon ng bakterya.



Ang karamihan sa mga taong may TB ay mayroon nito sa kanilang baga. Pero maaari itong makaimpekta sa anumang bahagi ng katawan.



Mapapagaling ng mga antibiotic ang TB.

### Hindi madaling kumalat ang TB.

Kailangan mong makasama nang madalas at malapitan ang isang taong may aktibong TB upang mahawa nito.



Hindi madaling kumalat ang TB sa labas dahil dumadaloy ang hangin at napapatay ng araw ang bakterya.

### May 2 yugto ang TB.



#### Ang isang taong may latent na impeksyon ng TB ay:

- may bakterya ng TB pero walang sakit.
- hindi makakapanghawa ng TB.
- dapat magpagamot bago maging aktibong sakit ng TB ito.




#### Ang isang taong may aktibong sakit ng TB ay:

- may bakterya ng TB at may sakit.
- makakapanghawa ng TB sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing, pagtawa, pagsigaw o pagkanta.
- dapat magpagamot upang maiwasang maging malubha at mamatay.

### Hindi kumakalat ang TB kapag ang mga tao ay:



gumagamit ng parehong damit.



gumagamit ng parehong kubyertos.



nagyayakapan, naghahalikan, o nagtatalik.

### Hindi karaniwan ang TB sa Estados Unidos.



Mayroong humigit-kumulang sa 30 kaso ng TB sa Pierce County taon-taon.

### Mga sintomas ng aktibong sakit ng TB:




- Umuubo nang 3 linggo o higit pa.
- Lagnat.
- Pagkahapo.
- Pinagpapawisan sa gabi.
- Pagbaba ng timbang.
- Umuubo ng dugo.

### Mga taong pinakananganganib sa TB:



Nakatira kasama ang isang taong may aktibong TB.

Bumibiyahe sa o ipinanganak sa lugar kung saan karaniwan ang TB.

May problema sa kalusugan.

**Alamin ang higit pa sa tpchd.org/tb.**

Tagalog | Rev. Sept. 10, 2025